# Ang Ahmad Tea at si Antoine Semenyo ay naghahatid ng Ultimate Pre-Season na Preparasyon na may Tea Tasting Masterclass

*Premier League at Ghana International Forward ay Time Out Muna Mula sa Man City Pre-Season Tour Upang Ipagdiwang ang Detalye sa Likod ng Elite na Pagganap*



Antoine Semenyo for Ahmad Tea's Tea Tasting Masterclass

HONG KONG, KOWLOON BAY, HONG KONG, August 3, 2026 /EINPresswire.com/ -- Ngayon, ang tatak ng tsaang Ingles sa higit sa 90 na mga bansa na Ahmad Tea, ay naghahatid ng panghuling paghahanda sa pre-season [bago ang panahon ng liga] kasama ang striker ng Manchester City at Ghana na si Antoine Semenyo na may isang tea tasting masterclass [pagsasanay sa pagtikim ng tsaa]. Ipinagdiriwang ng eksklusibong kaganapan ang mga routine, detalye at pag-iisip na nagpapatibay sa elite na pagganap.

> Ang paghahanda ay isa sa mga pinakamahalagang bahagi ng aking karera. Ang nakikita ng mga tao sa araw ng laro ay isang maliit na bahagi lamang ng trabaho”
>
> *Antoine Semenyo*

Ginanap sa Kowloon Bay, Hong Kong, ang kaganapan ay naging bahagi ng kampanya ng Ahmad Tea ‘Preparation is Everything‘ [Ang paghahanda ang pinakaimportanteng bagay], na nagpapakita ng kahalagahan ng paghahanda, hindi pabago-bago at mga pagpapahalaga sa mahusay na paglalaro na ibinahagi ng parehong mga atleta na may mataas na pagganap at ang Tea Master ng Ahmad Tea.

Sa panahon ng kaganapan, si Semenyo, na pinalaki sa England, ay nagbahagi ng mga pananaw sa kanyang pagsasanay sa pre-season, paghahanda sa isip at mga ambisyon para sa paparating na season [panahon ng liga], na nag-aalok sa mga bisita ng isang natatanging pananaw sa disiplina na kinakailangan upang maisagawa sa pinakamataas na antas.

Inimbitahan ang mga bisita na maranasan ang sikat na mga timpla ng black at herbal tea ng Ahmad Tea sa pamamagitan ng isang ginabayan na tea tasting masterclass na pinamumunuan ng Senior Tea Taster [tagatikim ng tsaa], Dominic Marriott. Sinaliksik sa sesyon ang pamana at kalidad na naging kilala ang Ahmad Tea sa loob ng mga dekada, na nagpapakita kung paano ang ekspertong pagtikim at pagtitimpla ng tsaa ay nagsisiguro ng pambihirang lasa at kalidad sa bawat tasa.



Antoine Semenyo during the Ahmad Tea Masterclass

Sinabi ni Antoine Semenyo: "Ang paghahanda ay isa sa mga pinakamahalagang bahagi ng aking karera. Ang nakikita ng mga tao sa araw ng laro ay isang maliit na bahagi lamang ng trabaho — ang lahat ay nagmumula sa mga routine, disiplina at pag-iisip na binuo bago ang pagbubukas ng laro. Nagsusumikap ako sa panahon ng pre-season sa mga prosesong iyon upang bumuo at mapabuti ang pang-araw-araw na mga gawi upang maging handa para sa isang malaking season sa hinaharap".

Ang kampanya ng Ahmad Tea na 'Preparation is Everything' ay nagdiriwang ng mga ritwal na tumutulong sa mga tao na maisagawa ang kanilang makakaya, maging sa elite na sport o pang-araw-araw na buhay. Nagpapahiwatig ng pagkakatulad sa pagitan ng masusing paghahanda sa likod ng world-class na atletang pagganap at ang kadalubhasaan sa likod ng bawat tasa ng Ahmad Tea, ang kampanya ay nagbibigay diin sa disiplina, pasensya at maingat na pagtingin sa detalye na tumutukoy sa tagumpay. Mula sa maingat na pagkuha ng mga dahon mula sa mga pinakamagandang hardin hanggang sa ekspertong pagtitimpla ng bawat tsaa, naniniwala ang Ahmad Tea na ang mga pambihirang resulta ay nagsisimula bago ang pangwakas na pagganap—isang pilosopiya na parehong pinanghahawakan ng mga atleta na naghahanda para sa kumpetisyon at sining ng mga tea master sa likod ng bawat timpla.

Si Tracey Wakelin, Pinuno ng Global Marketing sa Ahmad Tea, ay nagkomento:
"Isang pribilehiyo na tanggapin si Antoine sa Hong Kong at pagsamahin ang media at mga kasosyo upang ipagdiwang ang mga kahalagahan sa gitna ng aming kampanya na 'Preparation is Everything'. Naghahanda man para sa isang season sa pinakamataas na antas ng football o naghahatid ng perpektong tasa ng tsaa, madalas ang trabaho na hindi nakikita ang siyang gumagawa ng pinakamalaking pagkakaiba. Mula sa maingat na pagpili at pagbabalanse ng mga tsaa mula sa iba't ibang pinagmulan, hanggang sa pagtiyak na ang bawat timpla ay ginawang may katumpakan at tinimplahan nang may pag-aalaga."

\- Nagtatapos -

Tungkol sa Ahmad Tea
Ang Ahmad Tea ay isang award-winning na kompanya ng tsaang Ingles na itinatag sa Hampshire, England. Pag-aari at pinatatakbo ng pamilya, pinagsasama ng kompanya ang apat na henerasyon ng kadalubhasaan sa tsaa na may hindi natitinag na pangako sa kalidad.

Ngayon, ang mga produkto ng Ahmad Tea ay tinatangkilik sa higit sa 90 na mga bansa sa buong mundo, na naghahain ng higit sa 30 milyong tasa ng tsaa araw-araw. Ang kompanya ay kumukuha ng pinakamainam na dahon mula sa mga nangungunang rehiyon na nagtatanim ng tsaa sa buong mundo at pinapanatili ang mahigpit na pamantayan sa pagtikim at pagkontrol ng kalidad upang matiyak na ang bawat timpla ay naghahatid ng isang pambihirang karanasan sa pag-inom ng tsaa.

Higit pa sa tsaa, ang Ahmad Tea ay nakatuon sa paglikha ng isang positibong epekto sa mga komunidad sa buong mundo sa pamamagitan ng mga pagkukusa sa kawanggawa at pagpapanatili nito. Sa pamamagitan ng tagapanguna na inisyatiba na Hand Picked Profit Shared [Pinili ng Maingat Binahagi ang Kita] ang Ahmad Tea ay nagtutulak ng positibong pagbabago sa mga pangunahing rehiyon na pinagkukunan nito, na nagbabahagi ng higit pa sa halaga na nilikha ng tsaa sa mga taong pumipili nito. Ang programa ay nagbibigay ng karagdagang mga pagbabayad sa pagbabahagi ng kita nang direkta sa mga manggagawa sa tsaa, na tumutulong upang isara ang agwat sa sahod ng pamumuhay at suportahan ang higit na kalayaan sa pananalapi, lalo na para sa mga kababaihan sa mga komunidad ng nagtatanim ng tsaa. Noong 2025, ikalawang taon ng proyekto, higit sa 12,000 na kababaihan ang binayaran ng mga bonus sa India, Kenya at Sri Lanka.

Sa ibang lugar ay pinondohan ng kompanya ang mga paaralan, ospital, mga programa para sa malinis na tubig at mga proyekto ng tulong pang-emerhensiya sa maraming bansa at nananatiling nakatuon sa pagsuporta sa mga komunidad na konektado sa pandaigdigang supply chain nito. Nakikipagtulungan din ang Ahmad Tea sa mga kasosyong nagtatanim ng tsaa upang itaguyod ang mga responsableng gawi sa pagkukuha at suportahan ang pangmatagalang pagpapanatili ng mga komunidad na nagtatanim ng tsaa.

Hinihimok ng matinding pagnanais para sa kalidad at paniniwala sa pagsasama-sama ng mga tao, ang Ahmad Tea ay patuloy na nag-uugnay sa mga kultura at komunidad sa buong mundo sa pamamagitan ng pinagsasaluhang kasiyahan ng mahusay na tsaa.

Rob Hughes
Blueprintx
+44 7305 391435
email us here

---

This press release can be viewed online at: https://www.einpresswire.com/article/931330161

EIN Presswire's priority is source transparency. We do not allow opaque clients, and our editors

try to be careful about weeding out false and misleading content. As a user, if you see something we have missed, please do bring it to our attention. Your help is welcome. EIN Presswire, Everyone's Internet News Presswire™, tries to define some of the boundaries that are reasonable in today's world. Please see our Editorial Guidelines for more information.
© 1995-2026 Newsmatics Inc. All Right Reserved.